


# NO–EL = WALANG ELEKSYON !

Lahat ng eleksyon sa nakaraang 50 taon ay hindi nagdulot ng tunay na kabutihan sa ating bansa at ***lalo pa ngang lumala ang kalagayan ng mamamayan lalo na nitong nakaraan dalawang dekada- sapagkat sa bawa't palit ng administrasyon, tao lamang ang nagpapalit, hindi ang sistema!***

Maski na nga ang pag-asa sanang natamo sa EDSA 1 ay napariwara at nasayang lamang dahil sa nabalik lang ang pamamahala sa dating gawing korapsyon, walang humpay na katiwalian at pangsariling interes.

***Susuungin na naman ba natin ang isa pang eleksyon*** na nagbabadya ng isa pang mas marumi, mas mapangdaraya at pagpapatuloy lamang ng kabuktutang namamayani ngayon?

**Ang layunin ng NO-EL 2004** na siyang panawagan ng PCA-KOALISYON-ANTS batay sa rekomendasyon o proposisyon ng libu-libung kababayan natin ay ang pagtatatag ng isang TRANSITION GOVERNMENT mula sa sistemang presidensyal tungo sa sistemang parlyamentaryo at pederalismo ayon sa Artikulo 2 Seksyon 1 at 3 ng ating Saligang Batas.

Ang mamumuno sa nasabing TRANSITION GOVERNMENT ay magmumula sa mga mungkahi ng mga sunod-sunod na mga konsultasyon na kasalukuyang nagaganap sa pamumuno ng PCA-KOALISYON-ANTS. Kabilang sa mga katangian ng mamumuno ay ang integridad at pagkamakatao at makaDiyos.

TANONG: Ano ang unang gagawin ng TRANSITION GOVERNMENT?

SAGOT: Sabay-sabay nitong haharapin sa isang determinadong pamamaraan na may kalakip na *timetable* at masusukat na resulta ang mga sumusunod na problema ng ating bansa:

1) **Mataas na halaga ng kuryente** (dulot ng PPA), enerhiya, tubig at iba pang *utilities;*

2) **Halaga ng edukasyon** na dapat ay abot kaya ng pangkaraniwang mamamayan sapagkat edukasyon lamang ang malinaw na pag-asa ng masa upang maka-angat sa kahirapan at kamangmangan;

3) **Kriminalidad, ipinagbabawal na gamot**--pagsupil dito sa pamamagitan ng agarang ***public execution*** ng mga may pinagtibay na sintensyang bitay;

4) **Kawalan ng: disiplina** sa kalsada at pamayanan, moralidad, pag-asa at inspirasyon sa kabataan; tiwala sa pamahalaan at sa mga namumuno nito;

5) **Pagbagsak ng mga negosyo at pagkawala ng hanapbuhay ng mga tao** dulot ng walang pagsusuring pagyakap sa globalisasyon at liberalisasyon—pagtimbang ng pagsapi sa **GATT-WTO** upang maiwasan ang mga masamang epekto nito at sa halip ay magkaroon tayo ng ***self reliance*** lalo na sa pakain.

6) **Pang publikong kalusugan** at abut-kayang halaga ng gamot—lalansagin ang mapagsamantalang pangangalakal ng gamot;

7) Programa ukol sa ***population management*** na tatalakay sa napakataas na pagdami ng populasyon sa bansa na hindi nasasapatan ng serbisyong pangsibil;

8) **Sapat at murang pababay** sa mga tiwangwang na lupain ng pamahalaan; pagpapatigil sa paggamit ng mga ito bilang *golf courses* bagkus iukol sa agrikultura at iba pang pangkabuhayang gamit;

9) Pagsupil sa napakalaking **foreign/public debt** at walang patumanggang pag-utang sa pamamagitan ng pagrepaso ng ating mga utang at pagsampa ng mga kaso tungo sa pagsususpindi ng pagbayad sa ating mga utang, kasama rin dito ang **pagtatalaga ng isang *dollar-peso exchange rate*;**

10) Pagtatatag ng isang **pautangan na tanging para sa maliliit na mangangalakal** at *self-employed service providers* lamang, hindi ang may salapi na ang siyang nakakautang;

11) Matatag na pagpapasunod sa **pangangalaga sa kalikasan;**

12) Pagbabalik ng tiwala ng mamamayan sa pagbabayad ng buwis sa pamahalaan sa pamamagitan ng ***transparency*** sa lahat ng transaksyon nito; paglutas sa taun-taong kakulangan sa *budget* sa pamamagitan ng ***managed internal fund generation.***

13) ***Insurgency*** **at reporma sa budikatura** – ang mga repormang karamihan ay tumutugon sa kalinga sa mahihirap at reporma sa *justice system* ay unti unting lulutas sa *insurgency.*

TANONG: Gaano ang itatagal ng pansamantalang pamahalaan at ano ang programa nito bilang pangmatagalang ***transformation*** para sa kabutihan ng bansa?

SAGOT: Bukod sa pangsamantalang pamahalaan o *transition government* na siyang magsasagawa ng mga repormang binanggit – mga pagbabagong alam nating hindi maaaring isakatuparan sa ilalim ng uri ng demokrasya (kuno) na ating pinagtitiisan – ay bubuo rin sa lalung madaling panahon ng isang ***constitutional convention*** na babalangkas ng ***parliamentary form of government*** na may lakip na ***federal system of governance.***

TANONG: Ano naman ang kaigihan ng *parliamentary government* at federalismo kumpara sa *presidential system* natin?

SAGOT: Sa sistemeng parlyamentaryo, pinag-iisa ang ehekutibo at lehislatibo ng sistemang presidensyal upang maiwasan ang sobrang *red tape* ng burukrasya. Bunga nito ang serbisyo sibil ng burukrasya ay nalilibre sa kamandag ng mga pulitiko at ito'y nagiging propesyonal at

matatag kahit magpalit pa man ang mga pinunong nailuluklok sa kapangyarihan sa pamamagitan ng eleksyon. Ang Punong Ministro naman ay inihahalal ng mga kasapi ng parlyamento at kung siya ay hindi nagsisilbi ng tapat at tunay sa sambayanan, madali siyang palitan ng mga kasapi ng parlyamentaryo o ng mga ministro.

Sa sistemang pederalismo naman, ang mga iba't ibang rehiyon o mga lokal na pamahalan ang magpapatakbo ng kani-kanilang mga lokal na kayamanan o *natural resources* at hindi na ito mapapasailalim o mapakikialaman ng pambansang pamahalaan o ng *Metro Manila.*

TANONG: Paano kung ang mga pinuno naman ng bagong pamahalaan ang umabuso?

SAGOT: Ang bagong sistema ng hustisya sa bagong pamahalaan ay mahigpit na ipapatupad ang batas. Ang sinumang lumabag, ordinaryong mamamayan o pinuno ng bansa, ay lilitisin kaagad ng pantay pantay at papatawan ng nararapat na sentensya.

**Ang sitwasyon ng ating bansa ay lubhang desperado na at tayo ay may isang huling baraha na lamang. Ang katapat ay ang patuloy na pagkariwara ng bansa at kung hindi malulutasan ay maaaring humantong sa pamamayani ng kasamaan sa kabutihan.**

**Ang tanging paraan lamang upang madaliang mabago ang sistema sa bansa ay ang adhikaing isinusulong ng NO-EL. Bigyan natin ito ng ating pagtitiwala! Ito na lang ang ating nalalabing pag-asa!**

**PCA/KOALISYON/ANTS** – (Mar '04)